ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 17
Setyembre 7, 2023
www.philippinerevolution.nu




EDITORYAL

# Ibayong pag-alabin ang armadong paglaban sa terorismo ng estado

Sa harap ng walang-habas na terorismo ng mga armadong galamay ng rehimeng US-Marcos at todong pang-aapi at pandarahas sa masang anakpawis, ilang ulit na bumibigat ang tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at lahat ng rebolusyonaryong pwersa na lumaban para ipagtanggol ang mga karapatan at kapakanan ng sambayanang Pilipino.

Higit kailanman, buo ang kapasyahan ng sambayanan at kanilang mga Pulang mandirigma na mahigpit na tanganan ang baril at matatag na isulong ang armadong pakikibaka, bilang pangunahing anyo ng paglaban ng sambayanan sa pasista, papet at pahirap na naghaharing reaksyunaryong rehimen. Batid nila na kung hindi lalaban ang bayan kasama ang kanilang hukbo, walang hahadlang sa mapang-api at mapagsamantalang mga panginoong maylupa, malaking burgesyang komprador at mga kasosyong dayuhang kapitalista sa pagsagasa sa interes ng masa, pag-agaw sa kanilang kabuhayan, pagdambong sa yaman ng bansa at pagwasak sa kalikasan.

Ilampung bilyong piso ang ibinubuhos ng rehimeng US-Marcos sa nagpapatuloy na kampanya ng armadong panunupil at terorismo na may imbi ngunit walang saysay na layuning gapiin ang hukbong bayan at gupuin ang paglaban ng sambayanan. Pinakamalupit ang armadong panunupil kung saan pinaka-agresibong pumapasok at nangangamkam ng lupa at nandarambong ang mga plantasyon at operasyon sa pagmimina, mga proyektong ekoturismo, pang-enerhiya, pagtatayo ng mga dam at iba pang imprastruktura, kasabwat ang mga burukrata kapitalista at mga upisyal militar. Sa mga lugar na ito'y kaliwa't kanan ang mga pagmasaker, ekstrahudisyal na pagpaslang, pagtortyur, lihim na pagkukulong, paghahamlet, pagboblokeyo sa pagkain, paghuhulog ng bomba at panganganyon.

Sa harap ng todong paninibasib ng rehimeng US-Marcos, masidhi ang hangarin ng sambayanang Pilipino na maghatid ng ganting hambalos sa mga armadong galamay ni Marcos at Duterte bilang paraan ng pagkamit ng katarungan sa puo-puong libong biktima ng pasistang terorismo ng estado. Kaya ganoon na lamang sumabog ang palakpakan ng masa, laluna ng mga magsasakang biktima ng AFP, kasunod ng pagpu-

tok ng balita ng matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB sa iba't ibang panig ng bansa.

Sa Quezon, malaking dagok sa AFP ang matagumpay na taktikal na opensiba ng BHB sa Tagkawayan, Quezon noong umaga ng Setyembre 1. Limang ripleng M16 ang nasamsam, at hindi bababa sa limang pasistang tauhan ng 85th IB at paramilitar na CAFGU ang napatay nang tambangan ng isang yunit ng BHB.

Ilang linggo bago nito, noong Agosto 9, matagumpay na inambus ng BHB ang sasakyan ng Philippine National Police (PNP) sa Calatrava, Negros Occidental, kung saan nasamsam ang tatlong ripleng awtomatik at napatay ang isang tropang pangkombat ng pulis. Noong araw ding iyon, matagumpay na tinambangan ng BHB sa Uson, Masbate, ang mga paramilitar na naghahasik ng terorismo kaakibat ng pagpapalawak ng operasyon sa pagmimina sa prubinsya.

Sa Sultan Kudarat, prubinsya sa Far South Mindanao, hindi bababa sa 22 tropa sa ilalim ng 37th IB ang napatay sa serye ng apat na taktikal na opensiba ng BHB nitong Hunyo at Hulyo. Ang mga taktikal na opensibang ito ay sagot sa brutal na todo-largang opensiba inilunsad sa prubinsya ng hindi bababa sa apat na batalyon sa ilalim ng 6th ID.

Ipinakikita ng mga tagumpay na ito na sa taktikal na antas, nananatiling superyor ang mga yunit gerilya ng BHB laban sa mga armadong pwersa ng kaaway. Dahil ito, pangunahin, sa malalim at malawak na suporta ng masa at kalamangan sa kaalaman sa kalupaan. Ginamit ng mga yunit ng BHB ang taktika ng pagkonsentra ng mas malaking pwersa laban sa nahihiwalay at mas mahinang bahagi ng kaaway. Kakombinasyon nito ang lihim at tahimik na pagkakalat at paglilipat ng mga yunit ng BHB upang iwasan ang mas malaking pwersa ng kaaway, panatilihin itong bulag at bingi, at sumusuntok sa hangin.

Ipinakikita ng lahat nang ito ang determinasyon ng BHB na ipagtanggol ang kapakanan ng masa at labanan ang pasistang karahasan ng rehimeng US-Marcos, at pinasisinungalingang "malapit nang matalo" ang armadong paglaban ng sambayanan. Sa wastong pamumuno ng Partido, nananatiling matatag ang kapasyahan ng hukbong bayan na magpunyagi sa landas ng matagalang digmang bayan at isulong ang pakikidigmang gerilya batay sa malawak at malalim na suporta ng masa.

Tinatanglawan ng mga tagumpay na ito ang landas ng ibayong pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Binibigyang-inspirasyon nito ang mamamayan at lahat ng rebolusyonaryong pwersa, laluna ang mga manggagawa at kabataang-intelektwal, na magtungo sa kanayunan at bagtasin ang mahirap na landas ng armadong pakikibaka.

Dapat tumbasan ang mga tagumpay na ito. Sa pamumuno ng Partido, dapat bumuo ang lahat ng kumand ng BHB sa iba't ibang panig ng bansa ng plano para maglunsad ng kakayaning ipagtagumpay na maliliit o malalaking taktikal na opensiba upang bigwasan at bahabahaging gapiin ang kaaway, at kunin ang mga sandata nito upang armasan ang paparaming bilang ng mga bagong Pulang mandirigma ng BHB. Maramihang pakilusin at armasan ang masang magsasaka at isulong ang malawakang pakikidigmang gerilya upang palibutan ang kaaway ng naglalagablab na apoy ng digmang bayan.

Patuloy na aani ng tagumpay ang BHB sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba dahil patuloy na lumalawak at lumalalim ang ugnayan ng hukbo at masang magsasaka. Puspusang isinusulong ang mga pakikibakang masa para sa tunay na reporma sa lupa laluna sa harap ng malawakang pangangamkam at pandarambong, at armadong paninil. Dapat itatag ang mga sangay ng Partido sa pinakamaraming lugar upang magsilbing gulugod at pinuno ng masa. Puspusang palakasin ang mga organisasyong masa ng mga magsasaka, mga kabataan at kababaihan, upang buklurin ang lakas ng masa at itatag ang pundasyon ng bagong demokratikong gubyernong bayan.

Sa pamumuno ng Partido, determinado ang BHB at lahat ng rebolusyonaryong pwersa na patuloy na isulong ang armadong pakikibaka sa buong bansa at ubos-kayang magpunyagi sa landas ng digmang bayan para labanan at biguin ang kampanya ng pasistang terorismo ng rehimeng US-Marcos, at para kamtin ang adhikain ng katarungang panlipunan at pambansang kalayaan. AB


ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 17 | Setyembre 7, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Ibayong pag-alabin ang armadong paglaban sa terorismo ng estado 1
5 M16, nasamsam ng BHB-Quezon 3
4 na opensiba, inilunsad sa Sultan Kudarat 4
Suporta sa rebolusyonaryon sa Pilipinas 5
Pandaigdigang Araw ng mga Desaparesido 5
Mga protesta 5
Isang dekadang pananalasa ng MBLT-4 6
Saan napunta ang pondo ng NTF-Elcac? 7
Mga anomalya sa eleksyon, pinaiimbestigahan 8
Kalabisan ni Sara Duterte, binatikos 9
3, minasaker ng 2nd IB sa Masbate 10
Sa madaling salita 10
*Tiempo muerto* sa gitna ng implasyon 10



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

## 5 M16, nasamsam ng BHB-Quezon



Larawan mula sa Apolonio Mendoza Command

Nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon (Apolonio Mendoza Command) ang limang ripleng M16, mga bala at iba pang kagamitang militar sa ambus na inilunsad nito laban sa yunit ng 85th IB at CAFGU sa Sityo Pag-asa, Barangay Mapulot, Tagkawayan, Quezon noong Setyembre 1. Limang sundalo ang napatay habang apat ang kumpirmadong nasugatan.

Ang mga sundalo ay nakatakdang magrekorida sa palibot ng kanilang kampo nang tambangan ng mga Pulang mandirigma. Naganap ang pananambang 500 metro mula sa kanilang detatsment.

Sa ulat ng BHB-Quezon, gumamit ang mga mandirigma ng *command-detonated explosive* (CDX) na asintadong pinasabog laban sa mga sundalo. Taliwas ito sa pahayag ng mga sundalo at pulis na sumabog ang bomba nang "maapakan" ito ng nag-ooperasyong tropa ng 85th IB.

Ayon kay Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng BHB-Quezon, ang naturang armadong aksyon ay "pagpapatibay ng katarungan sa lahat ng biktima ng 85th IB." Dagdag pa niya, ang opensiba ay "para sa mga minamahal naming masa na nakaranas ng tortyur, panggigipit at pamamaslang ng mga berdugong sundalo sa ilalim ng rehimeng US-Duterte at nagpapatuloy sa kasalukuyang rehimeng US-Marcos II."

Tinatayang aabot sa 20,000 ang kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng isinasagawang mga *focused military operation* ng AFP sa mga komunidad ng Quezon mula pa sa ilalim ng rehimeng Duterte. AB

## Apat na opensiba, inilunsad kontra-FMO sa Sultan Kudarat

Hindi bababa sa 22 sundalo ng 37th IB ang napatay sa serye ng mga opensiba na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa kontra-kampanya nito laban sa nakapokus na operasyong militar (*focused military operation* o FMO) ng 6th ID sa Kalamansig, Sultan Kudarat. Mahigit dalawang buwan na ang laking-dibisyong operasyon na sinimulan noong Hunyo 15. Liban sa 37th IB, sangkot sa mga operasyon ang mga yunit ng 57th IB, 7th IB at mga tropa ng Special Forces Battalion.

Hindi naman bababa sa 18 ang nasugatan sa mga taktikal na opensibang ito na inilunsad sa pagitan ng Hunyo 17 at Hulyo 26.

Noong Hunyo 17, pinaputukan ng BHB-Sultan Kudarat ang isang kolum ng 37th IB sa Sityo 30, Barangay Hinalaan. Sa kasunod na araw, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang isa pang yunit ng 37th IB sa bulubunduking bahagi ng parehong barangay. Lima ang kabuuang bilang ng napatay na sundalo habang walo ang nasugatan sa magkasunod na opensibang aksyon.

Inambus naman ng BHB ang nag-ooperasyong yunit ng 37th IB sa Barangay Datu Wasay noong Hunyo 19. Nasa 15 minuto lamang ang itinagal ng pag-atake ng mga Pulang mandirigma ngunit dahil sa takot at pagkataranta ay nagpapuputok sa loob ng dalawang oras ang tinamaang mga sundalo. Sa nakalap na ulat, hindi bababa sa pitong sundalo ang napatay at 10 ang nasugatan.

Noong Hulyo 9, nagsagawa ng operasyong haras ang mga Pulang mandirigma laban sa tatlong kolum ng mga sundalong nag-ooperasyon sa Sityo Sorong, Barangay Hinalaan. Sa tindi ng takot ng mga sundalo, tatlong oras itong walang pakundangang nagpaputok. Hindi rin bababa sa 17 bala ng kanyon ang pinakawalan ng AFP.

Sa ulat ng mga residente, tinatayang hindi bababa sa 10 sundalo ang napatay sa operasyong ito ng BHB. Ang mga bangkay ng sundalo ay dinala sa sentro ng barangay kung saan nakahimpil ang nag-ooperasyong tropa ng 37th IB. Ayon pa sa ulat, itinago ng yunit na nagkaroon ng mis-engkwentro sa kanilang hanay sa kasagsagan ng putukan na nagdulot ng pagkamatay ng sarili nitong mga tropa.

Para kontrolin ang impormasyon at maghasik ng takot, tatlong komunidad ang hinamlet ng mga sundalo kung saan pinagbawalan ang mga residente na lumabas. Labis nitong naapektuhan ang kabuhayan ng mga magsasaka sa lugar.

Samantala, binigo ng BHB ang tangkang reyd ng mga sundalo sa temporaryong kampo nito sa Barangay Batang-Baglas, Palimbang noong Hunyo 26. Nagawang makapagmaniobra ng mga Pulang mandirigma at makapaghatid ng pinsala sa umaatakeng kaaway. Hindi bababa sa pitong sundalo ang napatay at 10 ang nasugatan. Samantala, walong mandirigma ng BHB ang nagtamo ng minor na mga sugat sa insidente. AB

## Mga protestang suporta sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, inilunsad

INILUNSAD NOONG AGOSTO 26 sa Europe, Canada at US ang mga pagkilos at aktibidad bilang suporta sa kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa Pilipinas. Pinamunuan ang Global Day of Action ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS), internasyunal na grupo ng mga banyagang sumusuporta sa pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas.

Nagkaroon ng mga pagkilos sa Utrecht, The Netherlands, Vancouver at Toronto sa Canada, pitong syudad sa Germany kabilang ang Memmingen, Leipzig, Regensburg, Rostock at Ulm, Basel sa Switzerland, Madrid at Valencia sa Spain, at Oregon at Washington sa US.

Sa pagkilos sa The Netherlands, ipinagtanggol ng Revolutionaire Eenheid, isa sa mga organisasyong kasapi ng FFPS na nakabase sa bansa, ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas laban sa pagbabansag dito ng reaksyunaryong estado ng Pilipinas at US bilang "terorista." Anito, hindi terorismo ang pagpili ng mamamayang Pilipino na labanan ang pambansang pang-aapi at dayuhang imperyalistang paghahari.

Binigyan-diin ng FFPS ang kakagyatan na suportahan ng nakikibakang mamamayan sa buong mundo ang rebolusyong Pilipino sa lahat ng porma nito, at laluna ang armadong pakikibaka.

Ang ibang mga grupo ay nagsagawa ng raling iglap, porum, pamamahagi ng polyeto at kampanyang impormasyon, paglaladlad ng balatengga, pagpapaskil ng *poster*, at mga pagtitipon para itampok ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa Pilipinas.

Ang pagkilos ng FFPS noong Agosto 26 ay itinaon sa paggunita sa Sigaw ng Pugad Lawin, ang hudyat ng pagsisimula ng Rebolusyong Pilipino laban sa pananakop ng Spain sa bansa noong 1896.

## Pandaigdigang Araw ng mga Desaparesido, ginunita

SAMA-SAMANG GINUNITA NOONG Agosto 30 ng mga kaanak at kaibigan ng mga biktima ng sapilitang pagkawala ang Pandaigdigang Araw ng mga Desaparesido. Iginiit nila ang kagyat na paglitaw at pagbibibigay ng hustisya sa kanilang mga mahal sa buhay at kaibigan na dinukot at winala ng mga ahente ng estado.

Sa Manila, nagpiket ang mga grupo sa karapatang-tao sa pangunguna ng grupong Desaparecidos sa Court of Appeals para suportahan ang petisyon ng mga kaanak nina Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil “Bazoo” de Jesus na nagsamapa ng Petition for Writ of Habeas Corpus sa nasabing korte, noon pang Hulyo 5.

Sa tala ng Karapatan, higit 1,000 indibidwal ang sapilitang iwinala sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr habang nakapagtala ng 821 biktima sa ilalim ng rehimeng Cory Aquino, 26 sa panahon ng rehimeng Estrada, 206 sa ilalim ng rehimeng Arroyo, siyam sa panahon ng rehimeng Aquino II, 20 sa panahon ni Rodrigo Duterte at sampu na sa unang 14 buwan ng kasalukuyang rehimeng Marcos Jr.

Samantala, nagtirik ng kandila ang mga grupo sa karapatang-tao sa dambana ni Fr. Rudy Romano sa Redemptorist Church sa Cebu City. Si Fr. Romano ay dinukot ng pinaniniwalaang mga armadong ahente ng diktadurang Marcos noong Hulyo 11, 1985, at hindi na nakita mula noon.

**CBA sa Paperland.** Nakamit ng unyon sa Paperland Inc., isang pabrika ng papel sa Quezon City, ang katanggap-tanggap na CBA noong Agosto 31. Kabilang sa mga naigiit ng mga manggagawa ang dagdag na sahod, bayad na *leave*, *union leave*, tulong sa pagpapaospital, tulong sa namatayan, *signing bonus* at Labor Day *assistance*. Para makamit ito, isinagawa ng mga manggagawa ang sama-samang mga pagkilos tulad ng *ribbon-wearing* at paglulunsad ng piket.

**Piket ng mga manggagawa sa Mandaue.** Nagpiket sa harap ng Cebu Easy General Services Corporation, isang *manpower agency*, sa Mandaue City ang mga manggagawa noong Agosto 22 para igiit ang kanilang karapatan sa trabaho. Arbitraryo silang tinanggal sa Liwayway Marketing Corporation (LMC), nagmamanupaktura ng Oishi Snack Products, dahil sa paglilipat ng operasyon nito sa Liloan, Cebu.

**Pondo sa karapatan, di sa karahasan.** Nagpiket ang mga grupong manggagawa noong Agosto 24 sa harap ng Kongreso sa panahon ng pagdinig ng badyet para sa 2024 para igiit na paglaanan ng estado ng pondo ang dagdag-sahod, trabaho at karapatan ng mamamayang Pilipino. Panawagan din nilang bawasan ang bundat na badyet ng pulis, militar, NTF-Elcac, at mga *confidential fund* nina Marcos at Duterte.

**Protesta sa mga pagpupulong ng APEC sa US.** Binulabog ng protesta ang pagtitipon ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) sa Seattle, US noong Agosto 20, kasabay ng isinagawang porum hinggil sa kalagayan ng kababaihan at ekonomya sa mundo. Isang hiwalay na protesta ang inilunsad ng mga tsapter ng Bayan sa US at Pacific Northwest People Over Profit Coalition noong Agosto 16 kasabay ng inilulunsad na APEC Energy Ministers Meeting sa parehong syudad.

**Pagtatapon ng Japan ng basurang nukleyar, tinutulan.** Nagprotesta sa harap ng embahada ng Japan ang mga mangingisda at tagapagtanggol ng kalikasan noong Agosto 16 para batikusin ang gubyerno ng Japan sa pagtatapon sa Pacific Ocean ng mahigit isang milyong toneladang kontaminadong tubig na ginamit sa pagpapalamig ng plantang nukleyar sa Fukushima.

# Higit isang dekadang pananalasa ng MBLT-4 sa Palawan

Sa loob ng 11 taon at siyam na buwan, naghasik ng teror ang Marine Battalion Landing Team (MBLT)-4 sa mamamayan ng Palawan. Pinuri ang yunit na ito sa umano'y susing papel sa "pagwakas" sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa prubinsya at pagpapanatili ng "kapayapaan" dito. Ang totoo, walang iniwan ang MBLT-4 sa prubinsya kundi ang mahabang rekord ng paglabag sa karapatang-tao.

**Gerang panunupil**

Pangunahing tagapagpatupad ang MBLT-4 ng brutal at masinsing gera laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya. Sangkot ang yunit sa maraming tipo ng paglabag sa karapatang-tao kabilang na ang pag-*hamlet*, intimidasyon, pananakot at panghaharas, blokeyo sa pagkain, iligal na panghahalughog, maramihang pagpapasurender at iba pa. Hindi ligtas sa kanilang karahasan ang katutubong minorya na Palaw'an, Batak at Tagbanua.

Isa sa mga tampok na kaso ng pang-aabuso ng yunit ang pagpilit sa noo'y 17-anyos na katutubong Palaw'an na si Merkel Mansuna na maggiya sa isang operasyong kombat nito sa Barangay Aribungos, Brooke's Point noong Hunyo 2020. Bago ang naturang insidente, sapilitang pinasok ng mga sundalo ang limang bahay sa Sityo Bayog sa naturang barangay. Napilitang lumikas ang higit 10 pamilya upang makaiwas sa interogasyong militar at pananakot.

Noong panahon na iyon, binugbog ng mga sundalo ang isang magsasaka sa Barangay Cacawitan sa bayan ng Quezon. Sa Barangay Iraan, Rizal naman, pilit pinag-armas at isinama sa operasyong kombat ang noo'y 17-anyos na katutubong Palaw'an na nagngangalang Dipdip.

Sangkot din ang MBLT-4 sa isang kaso ng panggagahasa sa isang dalagitang katutubo sa Barangay Mainit sa Brooke's Point. Kaakibat ito ng matagalang pagkakampo ng mga sundalo sa komunidad na ipinetisyon ng mga residente na palayasin.

Liban dito, pinipigilan ng mga sundalo ang mga residente na mangahoy o magtroso gayong sila naman ang iligal na nagtotroso sa kagubatan para gamiting materyales sa pagtatayo ng kampo. Mayroon ding tatlong detatsment ang MBLT-4 na nagsilbing gwardya ng mga operasyong mina sa prubinsya.

Sukdulang taksil din sa pambansang soberanya ang tropang militar ng MBLT-4 sa pakikisali sa mga ehersisyong militar kasama ang mga tropang Amerikano sa Palawan tulad ng Marine Exercise (MAREX) 2022.

**Tumapos sa rebolusyonaryong kilusan sa Palawan?**

Noong Setyembre 1, hibang na idineklara ng rehimeng US-Marcos II na "insurgency-free" o wala na ang rebolusyonaryong kilusan sa Palawan. Kakatwa ang pagkilala sa MBLT-4 bilang susing yunit ng Armed Forces of the Philippines na diumano'y tumapos sa rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya.

Ayon sa BHB-Palawan, sadyang mangmang at pulpol si Marcos sa pag-aakalang magagapi nila ang rebolusyon at ang determinasyon ng mamamayan na labanan ang lahat ng tipo ng pang-aapi at pagsasamantala. Dagdag nito, "gaanuman kahirap at kalupit ay puspos ng determinasyon ang BHB-Palawan na isulong ang digmang bayan sa isla at mag-ambag ng ganang-kaya sa muling pagpapalakas at pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya sa buong bansa."

Ang totoong motibo ni Marcos Jr at mga alipures niya ay palabasing nagtatagumpay ang kanilang kontra-rebolusyonaryong pakana para maging kaiga-igaya ang prubinsya sa pagganyak ng dayuhang pamumuhunan at imperyalistang pandarambong. Sa kasalukuyan, nakalatag na ang mga kontrata at dayuhang pamumuhunan sa enerhiya, ekoturismo at pagmimina sa Palawan.

Liban dito, sa gitna ng tensyon sa West Philippine Sea, desperado ang rehimen na ipakita sa among imperyalismong US na handang-handa na ang papet na hukbong ibala sa kanyon sakaling sumiklab ang imperyalistang gera sa pagitan nito at ng China.

**Sino ang MBLT-4?**

Ipinakat ang MBLT-4 sa Palawan simula Nobyembre 17, 2011 hanggang Hulyo 17 ngayong taon kung kailan sila ibinalik sa Fort Bonifacio, Taguig City para muling magsanay. Kasalukuyang pinamumunuan ang MBLT-4 ni Lieutenant Colonel Glen Lorrito na itinalaga dito noong Hulyo 2021.

Ang MBLT-4 ay huling nagkampo sa Camp Daypo sa Barangay Abo-Abo, Sofronio Española sa Palawan. Sa pagdating ng yunit sa Palawan noong 2011, una itong nag-operasyon sa mga bayan ng hilagang Palawan at kalaunan ay inilipat sa timog na bahagi ng prubinsya noong 2017. Sa timog, sinaklaw ng mga operasyong kombat nito ang mga bayan ng Bataraza, Rizal, Brooke's Point, at Quezon.

Dating nakapailalim ang MBLT-4 sa pang-operasyong kontrol ng 3rd Marine Brigade ng Philippine Marine Corps (PMC). Kasama nito ang MBLT-3 sa pag-ooperasyon sa isla. Ipinalit sa MBLT-4 ang MBLT-7 na sumabak sa pagpulbos sa Marawi, at mga kampanyang panunupil sa Sulu at Tawi-tawi. Idinagdag din sa Palawan noong Hunyo ang MBLT-9 na nagmula rin sa Tawi-tawi. AB

# Saan napunta ang pondo sa programang pambarangay ng NTF-Elcac?

Simula nang ipatupad ng National Task Force (NTF)-Elcac ang huwad na Support to Barangay Development Program (SBDP) noong 2021, naglaan ang gubyerno ng tumataginting na ₱28.4 bilyon para rito. Tulad ng kampanyang "surrender," "balik-baril" at iba pang programa sa kontra-insurhensya, pinakikinabangan ito ng mga upisyal militar at burukrata para sa korapsyon sa porma ng mga kikbak mula sa mga proyektong imprastruktura sa liblib na mga sityo at barangay.

Sa tatlong taon, ipinagyabang ng NTF-Elcac ang paglalaan ng mga proyekto sa 3,187 barangay. Kabilang umano dito ang konstruksyon ng mga daanan, eskwelahan, patubig at sentrong pangkalusugan, at programang sanitasyon at reporestasyon.

Layunin diumano ng mga programang ito ang paunlarin ang buhay ng mamamayan upang hindi na nila piliin ang landas ng armadong paglaban. Ang totoo, wala ni isa sa mga ito ang tumutugon sa mga ugat ng malawakang kahirapan, gutom, pang-aapi at pagsasamantala.


Dagdag pa, ipinakikita ng mga proyektong ito ng NTF-Elcac na lalong nagiging militarisado ang paghahatid ng “serbisyo” at “kaunlaran” ng reaksyunaryong gubyerno laluna sa kanayunan

**Mabagal na proyekto, mabilis na kikbak**

Walang makabuluhang pagbabagong ihahatid, usad pagong pa ang kakarampot na mga proyekto ng SBDP. Ni isang ulat ay wala pang inilabas ang NTF-Elcac para sa istatus ng mga proyekto ng SBDP sa taong 2023.

Tumanggap ang SBDP ng ₱5.624 bilyon para sa 2022. Sa ulat mismo ng ahensya noong Agosto 29, 52% lamang sa 1,719 na binalak nitong proyekto ang nakumpleto noong 2022. Kalahati sa mga ito'y *farm-to-market road* na marami ay nagbubukas ng daan para sa mga plantasyon, minahan, ekoturismo at iba pang malalaking negosyo.

Noong 2021, 1% o 26 lamang sa 2,318 na mga proyektong SBDP ang nakumpleto, batay sa ulat sa senado noong Nobyembre 2021. Sa panahong iyon, higit 900 ang nasa yugtong *pre-procurement* (hindi pa nabibili ang mga materyales), 700 ang nasa yugto na ng pagbili, habang 560 ang nasa yugto ng implementasyon. Sa kasalukuyan, iniulat ng NTF-Elcac na nasa 87% na ng mga proyekto ang nakumpleto matapos ang higit dalawang taon.



Ang pagtatayo ng mga "imprastruktura" ang isa sa pinakalaganap na "proyekto" ng gubyerno na pinagkukunan ng kikbak ng mga burukrata sa gubyerno. Sinimulan ang SDBP upang magsilbing palabigasan ng mga heneral upang tiyakin ang kanilang katapatan sa naghaharing pangkatin.

Sa nagdaang tatlong taon, pinakanakinabang ang mga upisyal militar at kasosyong mga kontratista sa rehiyon ng Davao. Napunta sa rehiyon ang pinakamalaking pondo na ₱5.22 bilyon, kasunod ang Caraga (₱4.53 bilyon), Bicol (₱3.82 bilyon) at Northern Mindanao (₱3.21 bilyon). Sa mga prubinsya at syudad, pinakamalaki ang pondong tinanggap ng Bukdinon na ₱1.77 bilyon, kasunod ang Davao de Oro (₱1.75 bilyon), Davao City (₱1.66 bilyon), Agusan del Sur (₱1.38 bilyon), Sorsogon (₱1.3 bilyon) at Iloilo (₱1.19 bilyon).

**SBDP sa Cagayan Valley**

Sa mga rehiyon, ikatlo sa pinakamaliit ang tinanggap ng Cagayan Valley. Umabot lamang sa ₱560.3 milyon ang inilaang pondo ng SBDP para sa 5th ID sa panahong 2021-2023. Pinakamalaking bahagi ang napunta sa prubinsya ng Cagayan—₱304.3 milyon para sa 41 barangay. Nagsimula lamang ang pagpopondo sa Isabela, Qurino at Nueva Vizcaya noong 2022.

Sa 105 barangay sa rehiyon na kabilang sa programa, 20 barangay lamang ang may umuusad nang mga proyekto. Isa dito ang napakamahal na *solar dryer* (bilaran ng palay) at *farm shed* sa Barangay Anurturu sa bayan ng Rizal, Cagayan at mga barangay ng Apayao at Villa Reyno sa bayan ng Piat. Samantala, walang bago, bagkus ay pawang rehabilitasyon at *upgrading* lang ang kalakhan sa sinasabing

*Sundan sa pahina 7*

Mula sa pahina 6

mga proyektong *farm-to-market road* sa kanayunan. Kabilang dito ang hindi pa rin natatapos na ₱15 milyong kalsada sa Barangay Minanga, Rizal na pinasinayaan noon pang Abril 2021.

Ipinangangalandakan ng AFP na ang mga barangay na kasali sa SBDP ay "nalinis na" sa pamamagitan ng Retooled Community Support Program (RCSP). Pero sa 41 inendorsong barangay sa Cagayan, 37 lamang ang sinaklaw ng mga RCSP. Nangangahulugang arbitraryo, kasinungalingan at hungkag ang pagpili sa mga binigyan nito ng pondo. Napaburan ang mga bayan na hawak ng mga despotikong panginoong maylupa at sagadsaring kontra-rebolusyonaryong burukrata at dinastiya (Piat, Santo Niño, Tuao, Rizal) at sa malalapit sa hedkwarters ng militar at pulis (Barangay Bangag sa Lallo, Barangay Casambalangan sa Santa Ana, Barangay Virgina at Balanni sa Santo Nino, at Barangay Santo Domingo sa Piat). Nakuha naman ng pinuno ng RTF-Elcac ang kanyang pabuya sa pagiging sunud-sunuran at tuta ng 5th ID nang binigyan ang balwarte niya, ang bayan ng Tuao sa Cagayan, ng ₱26.4 milyon.

**Pondo para sa 2024**

Sa panukalang pambansang badyet para sa 2024, naglalaan ang rehimeng US-Marcos ng ₱10.34 bilyon para sa NTF-Elcac. Kabilang dito ang ₱8.64 bilyon para sa SBDP na ilalaan umano sa hindi pa pinangalanang 864 na barangay. Kinwestyon ng mga progresibong grupo at mambabatas ng blokeng Makabayan ang maanomalyang badyet ng NTF-Elcac. Isinulong din nila ang pagtutuos sa pondo ng NTF-Elcac para busisiin kung saan ginagastos ang bilyun-bilyong pondo ng bayan. AB

# Mga anomalya sa eleksyong 2022, pinaiimbestigahan

Naghain ng isang resolusyon ang mga makabayang kongresista noong Agosto 31 para itulak ang Kongreso na imbestigahan ang mga anomalya sa kondukta ng eleksyong 2022 na makapagpapaliwanag kung paano isinagawa ang malawakang elektronikong dayaan na nagluklok sa tambalang Marcos-Duterte sa poder. Pinabubulaanan ng mga anomalyang ito ang sinasabi ng Commission on Elections (Comelec) na walang nangyaring dayaan sa nagdaang eleksyon.

Nasa sentro ng anomalyang ito ang mga *election return* (ER) o talaan ng mga boto na pumasok sa *transparency server* (kompyuter) ng Comelec sa pagitan ng alas-7 at alas-8 ng gabi noong Mayo 9, 2022. Sa loob lamang ng oras na ito, lumamang ang boto ng tambalang Marcos-Duterte at naging tiyak na ang kanilang panalo. Ang iregularidad na ito ay unang kinwestyon ng grupong pinangungunahan ng dating kalihim ng Department of Information and Communication Technology na si Eliseo Rio.

Halos isang taon matapos ang eleksyon, natuklasan na ang mga botong ito ay dumaan lahat sa iisang *internet protocol* (IP) *address* na 192.168.0.2. Ayon sa pag-aaral ng grupo ni Rio, 98.8% ng mga boto mula sa Metro Manila, 95.5% mula sa Cavite, 81% ng Batangas at ilan pang prubinsya ang dumaan sa solong IP address na ito. Ang mga botong ito ay mula sa 20,300 *vote-counting machine* (VCM). Ang impormasyong ito ay hango mismo sa mga *raw file* o datos na isinapubliko ng Comelec noong Pebrero.

Ani Rio, imposible at iligal na magkaroon ng iisang IP *address* ang napakaraming VCM. Alinsunod sa inilatag na proseso ng Smartmatic, may ekslusibong IP *address* ang bawat isang VCM. Wala rin sa napagkasunduang proseso ang pag-embudo ng mga ER sa iisang makina bago ito tanggapin ng *transparency server* ng Comelec.

Kumbinsido sina Rio na nanggaling sa sikretong makina ang mga ER na dumaan sa IP *address* na 192.168.0.2. Ang makina na ito ay kontrolado ng Comelec sa pakikipagsabwatan ng Smartmatic at pinakamalamang na nakapwesto malapit sa *transparency server*, ayon kina Rio.

Dagdag na anomalya ang napansin na mas maaga ang oras na natanggap ng transparency server ang ilang ER kaysa oras na iniluwal ito ng mga VCM sa mga presinto.

## Kalabisan at anomalya ni Sara Duterte, binatikos

SAMUTSARING USAPIN NG kalabisan at anomalya ang naungkat sa ulat ng Commision on Audit (COA) na kumwestyon sa iregular na transaksyon ng upisina ni Sara Duterte noong 2022.

Pangunahin dito ang paggasta niya ng ₱125 milyon bilang *confidential funds* gayong walang nakalaang pondo para rito sa ipinasang badyet noong 2022. Napag-alamang naubos ang pondong ito sa loob lamang ng 19 araw.

Sa deliberasyon sa Kongreso para sa pambansang badyet sa 2024, hiniling ng mga makabayang kongresista na kilatisin ito ng COA at hingin kay Duterte ang detalyadong ulat kung saan ito hinugot at paano ito ginasta. Kinastigo naman sa Senado ang di awtorisado at malinaw na iligal na paglilipat ng pondo sa upisina ng bise presidente.

Naungkat din sa parehong ulat ang pag-empleyo ni Duterte ng laking-batalyon o 433 indibidwal bilang *security personnel*. Binubuo nito ang 63% ng kanyang istap. Dagdag pa ang paggasta niya ng ₱668,000 sa pagmamadaling itransporma ang ilan sa mga upisina at gusaling nagsilbing hedkwarters para sa kanyang kampanya tungong mga "satellite office" ng bise presidente.

# 3 kababaihan, minasaker ng 2nd IB sa Masbate

Walang-pakundangan ang pasistang terorismo ng AFP sa Masbate matapos paslangin ang tatlong sibilyan, at tangkang paslangin ang tatlong iba pa noong Agosto. Bumibilang na sa 18 ang biktima ng pampulitikang pamamaslang sa prubinsya sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

Pinalalabas ng mga sundalo na ang mga biktima ay mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na napatay sa engkwentro.

Noong Agosto 19, sadyang pinatay ng mga sundalo ng 96th IB at mga pulis ng Masbate ang tatlong babae sa Barangay Jagnaan sa San Jacinto, isla ng Ticao. Ang mga biktima ay sina Jelyn Guis Dejomo, 56, Sheryl Salazar Dejomo, 29, at Divina Lubiano Ajitan, 60. Pinaslang sila matapos ang isang armadong sagupaan ng BHB at militar sa parehong lugar.

Malaon nang tinutugis ng militar at pulis ang tatlong sibilyang biktima na inaakusahang may kuneksyon sa rebolusyonaryong kilusan. Dati nang nakararanas ng panggigipit ang tatlo at ang isa ay dating dinakip ng pulis sa gawa-gawang kaso.

Ang masaker ay krimen sa digma at lubhang paglabag sa internasyunal na makataong batas ng mga pwersa ng estado. Giit ng mga grupo sa karapatang-tao, dapat ginalang ang kanilang mga karapatan bilang mga sibilyan sa mga lugar na may umiiral na armadong tunggalian.

Samantala, tinangkang patayin ng mga pwersa ng 2nd IB ang tatlong indibidwal sa isang bahay sa Sityo Milagro, Barangay Guindawhan, Pio V. Corpus, Masbate noong Agosto 30. Naunang iniulat na napatay ang mga biktima sa walang patumanggang pamamaril ng mga sundalo ngunit kalaunan ay nakumpirmang nakatakas mula sa brutal na krimen ng mga berdugo. Hindi pa nasapatan, pinasok ng mga berdugo ang naturang bahay at ninakawan ng bigas ang mga ito.

**Pagpatay sa *hors de combat*.** Dinukot at sadyang pinatay ng mga pwersa ng estado ang dalawang mandirigmang wala sa katayuang lumaban na sina Jenny Fariolan (Ka Hope) at John Eric Talibo (Ka Blue) noong Hulyo 29. Pinalalabas ng 61st IB na napatay ang dalawa sa isang sagupaan sa Barangay Tagsing, Leon, Iloilo. Walang engkwentrong nangyari at hindi armado ang dalawa nang hulihin at patayin.

**Pagdukot.** Dinukot ng pinaniniwalaang mga pwersa ng estado sina Jhed Tamano, 22, at Jonila Castro, 21, noong Setyembre 2 ng gabi. Ayon sa mga nakasaksi, sapilitan silang isinakay sa isang *gray* na sasakyan sa harap ng Orion Water District sa Barangay Lati, Orion, Bataan. Si Tamano ay koordineytor ng Community and Church Program for Manila Bay ng Ecumenical Bishops Forum habang si Castro ay isang boluntir para sa AKAP Ka Manila Bay. Pareho silang nagtapos sa Bulacan State University.




**Pag-aresto.** Dinukot at ikinulong ng mga pulis noong Agosto 24 sa San Juan, Batangas ang organisador ng mga magsasaka na si Ernesto Baez Jr at dalawa niyang kasama na sina Jose Escobio, at Junald Jabonero. Dinampot sila ng mga pulis habang bumabyahe sa Barangay Buhay na Sapa at pinalabas na nakuhaan ng mga baril, bala at magasin, at mga gamit pampasabog.

Nakalaya na noong Setyembre 3 sina Escobio at Jabonero matapos maglabas ng resolusyon ang prosekusyon na kailangan silang isailalim sa *preliminary investigation*. Samantala, si Baez Jr ay nangangailangan ng pyansa para makalaya sa kasong *illegal possession of firearms*.

Noong Agosto 4, arbitraryong inaresto ng mga sundalo ang magsasakang si Alex Betito ng Sityo Malapat, Barangay Baay sa Labo, Camarines Norte. Ilang oras siyang idinetine ng mga sundalo at ipinailalim sa tortyur. Bago nito, naiulat din na idinetine at ginutom ng mga sundalo ang 10 pang magsasaka sa parehong lugar.


**Panggigipit.** Sinampahan ng mga pulis ng Quezon City ng kasong paglabag sa Clean Air Act si Max Santiago ng Bagong Alyansang Makabayan at tatlong iba pang istap ng grupo. Lumabag umano sila sa naturang batas matapos sunugin ang *effigy* na kanilang ginawa sa isang protesta noong ikalawang State of the Nation Address (SONA) ni Marcos Jr.

Sinampahan din ng kasong paglabag sa Public Asssembly Act of 1985 ang 14 aktibistang mula sa Southern Tagalog na lumahok sa protesta kontra SONA. AB

**26**

**akawnt sa bangko na pagmamay-ari ng Rural Missionaries of the Philippines (RMP) at RMP-Northern Mindanao**


ang arbitraryong isinara ng estado dahil sa gawa-gawang kasong "terrorist financing."




**21**

**sa 22 kagawaran ng estado**

ang ipinailalim sa NTF-Elcac sa pamamagitan ng National Security Policy.




**₱1.5 M**


halaga ng "murang" pabahay na iniaalok ng estado sa mga walang sariling bahay tulad ng mga manggagawang kumikita lamang ng minimum na sahod.

**328%**

**ang inilobo ng badyet ng ilang proyektong imprastruktura**

dahil sa doble at tripleng alokasyon nito sa iba't ibang kagawaran at ahensya.





**159,000**

**kulang na klasrum**


**189,324**

**kailangang kumpunihin**

**21,727**

**di na magamit**

Pero sagot ni Sara Duterte:
**Tanggalin ang mga palamuti sa mga klasrum.**



**₱73.15**


**ang itataas ng 11-kilong tangke ng LPG sa Setyembre,**

dagdag sa ₱50.05 na itinaas nito noong Agosto.

**$212 bilyon**

**itinaas ng kita ng 25 pangunahing kumpanya sa depensa ng US at Europe sa unang hati ng taon.**

Ito ay sa harap ng maramihang pagdidispatsa ng lumang mga armas sa Ukraine at pagbebenta ng mga bago sa mga kaalyado nitong bansa.





**41.16%**

**lamang ang nakatapos sa kolehiyo noong 2022**

dahil sa kahirapan ng mga estudyanteng makaagapay noong pandemya. Baluktot na idinadahilan ito ngayon para lusawin ang ₱51.12 bilyong badyet para sa libreng *tution fee* sa 2024.

# *Tiempo muerto* sa gitna ng implasyon at pagbabago sa klima



Taun-taon, dumaranas ang mga manggagawang-bukid sa tubuhan ng *tiempo muerto*, "patay na panahon," sa Kastila, na tumutukoy sa mga buwan sa pagitan ng siklo ng pagtatanim ng tubo. Madalas na nagtatagal ito mula Hunyo hanggang Setyembre kung saan walang trabaho sa mga "kampo." Sa Negros, tinawag itong "tigkiriwi" o panahon ng paghihirap ng higit 300,000 manggagawang bukid at kanilang mga pamilya. Ngayong taon, higit ang kanilang pagdurusa sa gitna ng abot-langit na presyo ng mga bilihin, mga sakunang tulak ng pagbabago sa klima at matinding militarisasyon.

Isa rito ang pamilya ng 35-anyos na si Derek, may asawa at tatlong maliit na anak. Kumikita siya at kanyang asawa ng ₱400 sa pagtatrabaho ng walong oras sa isang araw sa iba't ibang sakahan. Sa kabila ng buong araw na pagbabanat ng buto, kulang na kulang ang kanilang kita para sa bigas, ulam, gatas at iba pang pangangailangan ng kanilang mga anak. Para makaagapay, "sumasaydlayn" silang mag-asawa sa pagkokopras. Tulad ng ibang manggagawang-bukid, baon sila sa utang sa tangkang makaagapay sa pinakabatayang pangangailangan ng kanilang pamilya.

"Mas malala ngayong taon, lalo't mas mahal ang mga bilihin," ayon kay Derek. "Imbes na tatlong beses kumain, dalawang beses na lang minsan." Pinakaapektado dito ang paglaki ng mga bata. Sa datos ng estado, nasa 40% ng mga batang 5-anyos pababa sa Negros Oriental ay "stunted" o bansot. Ang pagkabansot ay salamin ng matinding malnutrisyon.

Walang pagbabago sa paghihirap, ayon naman kay Aling Mali. Kung may trabaho man, aabot lang ng ₱150 ang kanyang arawang kita. "Ang kita namin ganun pa rin pero ang gatusin pataas nang pataas. Wala kaming magawa kundi umutang nang umutang," Mas madalas, napupunta sa pagbabayad ng utang ang kakarampot nilang kita.

Di kataka-taka lalo't isa ang Negros sa may pinakamataas na implasyon sa buong bansa. Noong Agosto, nagtala ang Negros Occidental ng 6.1% at ang Negros Oriental ng 4.1% tantos sa implasyon. Tuluy-tuloy ang pagsirit ng presyo ng pagkain at mga inumin.

Hindi na nga makaagapay, binayo pa ang mga sakahan ng walang humpay na pag-ulan dulot ng sunud-sunod na bagyo at hanging habagat.

Taliwas sa sinasabing banta ng El Niño o tagtuyot, pinansin ni Derek na "mas grabe pa nga ang palagiang pag-ulan na nakaapekto sa tanim na mais at tubo na nagsidapa na dahil sa sunud-sunod na bagyo." Noong katapusan ng Hulyo, hinambalos ang isla ng bagyong Egay na nagdulot ng ₱46.7 milyong pinsala sa pananim, pangisdaan at alagang hayop sa Negros Occidental pa lamang. Sa katapusan naman ng Agosto, tumama ang bagyong Goring na nagdulot ng ₱125.59 milyong pinsala sa prubinsya.

Kung tutuusin, buong taon dumaranas ng gutom ang mga manggagawang-bukid sa Negros dahil sa tinatanggap nilang mala-aliping sahod. Ayon sa National Federation of Sugar Workers, madalas na nasa ₱1,500 kada linggo o ₱300 kada araw ang ipinasasahod sa mga manggagawang-bukid, mas mababa sa arawang minimum na itinakda sa batas at malayong-malayo sa nakabubuhay na sahod. Mas mababa pa ang sinasahod sa ilalim ng sistemang pakyawan, kung saan ₱4,000-₱5,000 lamang ang bayad ng mga asendero sa 4-8 katao (₱625 kada isa) para sa trabahong umaabot ng 5-6 araw.

Sa nakaraang mga taon, aktibong iginigiit ng mga manggagawang-bukid sa isla ang pagbibigay ng estado ng tulong sa pinansya sa panahon ng *tiempo muerto*, pati na rin sa panahon ng mga sakuna. Kasabay nito, ipinaglalaban nila ang ₱150 kada araw na pagtaas sa sahod at 50% pagtaas sa bayad sa sistemang pakyawan. Suportado nila ang panawagan para sa ₱750 *across the board* na pagtaas ng sahod sa pambansang saklaw.

Ayon sa mga magbubukid, tanging ang pagbubuwag sa mga asyenda at pagtatapos sa pagkamal ng iilang panginoong maylupa ng milyun-milyong kita mula sa pawis ng mga manggagawang-bukid ang magwawakas sa taunang *tiempo muerto*. Sa pamamagitan ng pamamahagi ng lupa sa mga nagbubungkal nito at pagbibigay-daan sa produksyon ng pagkain, matitiyak ang seguridad sa pagkain ng daan-daanlibong pamilya.

"Lagi't laging magiging panahon ng taggutom at kamatayan para sa manggagawa sa tubo ang *tiempo muerto* kung hindi tutugunan ang pundamental na problema sa kawalan ng lupa ng bansa," anila. AB